# PAGIWAS AT PAGLUNAS NG SYPHILIS:

## Tips para sa Community-Based Organizations

Mga aksyon sa pagbigay ng suporta at alaga sa mga pasyente upang maiwasan ang Syphilis

**Ikaw ay isang importanteng taga pagbigay ng supporta para mapababa ang ng kaso ng syphilis sa Canada. Pagkakaroon ng magandang pakikitungo sa mga komunidad ay isa sa mga paraan para manormalize at mawala ang masamang usapan tungkol sa sexual health. At maging unang lalapitan ng mga kliyente na hindi komportable sa health care system.**

## Tips para makausap ang cliente tungkol sa pagiwas at lunas ng Syphilis

### Alamin

**Alamin paano maiwasan ang Syphilis, mga test at mga lunas**

- Magbasa lamang sa mga reliable na sources, katulad ng mga galing sa gobyerno o sa mga sexual health knowledge brokers, para gumaan ang iyong loob habang pinaguusapan ang pagiwas at paglunas ng syphilis
- Bisitahin ang mga links na ito para sa karagdagang kaalaman:
  - Syphilis, Public Health Agency of Canada (PHAC): https://www.canada.ca/syphilis
  - yphilis resources, CATIE: https://www.catie.ca/syphilis-resources

### I-pagalam

**Magbigay ng importanteng impormasyon at maging handa para sagutin ang mga katanungan tungkol sa syphilis**

Pag bigay kahalagahan

- Pag hindi na gamot ang syphilis, ito ay maaaring maging sanhi ng problema sa utak, mata, puso, nerves, buto at kabuuang kalusugan
- Ang hindi pag gamot ng syphilis habang buntis ay maging sanhi nang pagkunan, pagkawala ng bata bago o habang pinapanganak, at congenital syphilis
- Madaming tao ay nagiisip na hindi sila maapektuhan nito, pero pag ikaw ay madalas na nakikipagtalik puwede kang makakuha ng syphilis
- Ang mga kaso ng syphilis sa Canada at patuloy na tumataas; noong 2002 merong 13,953 na mga naiulat na kaso ng nakakahawang syphilis at 117 na mga kaso ang konpirmadong maagang congenital syphilis



Canada

**Pag Pasa**

- Ang Syphilis ay nakakahawa sa pamamagitan ng pagtatalik. Napapasa ito sa kahit anong paparaan ng pagtatalik
- Ang Syphilis ay maari ding mapasa sa sanggol habang nasa sinapupunan sa placenta o habang pinapanganak
- Ang Syphilis ay mas nakakahawa sa paglabas ng mga unang senyales ng symptomas na hindi kaagad napapansin

**Pag Test**[1]

- Ang pag tetest ng Syphilis ay sa pamamagitan ng pagkuha ng dugo; puwede din itest ang mga singaw at mga rashes
- Ang pag tetest ng Syphilis ay nirerekomenda kapag madalas makipagtalik sa bagong partner o sa madaming partners. Ang pagtetest din ay ang puwedeng irequest ng kahit sino
- Ang pag tetest ay nirerekomenda tuwing 3 hangang 6 na buwan kapag madalas makipagtalik sa madaming partners
- Ang patetest ay nirerekomenda sa mga butis habang first trimester o sa unang prenatal visit, and ulitin ito sa third trimester at habang nag lalabour para sa maselan ang pagbubuntis

**Pag Gamot**

- Ang Syphilis ay nagagamot sa pamamagitan ng antibiotics, binibigay ito bilang injection and makakatulong maiwasan ang pagpasa nito
- Ang pag gamot ng Syphilis habang buntis ay makakaiwas sa pagpasa nito sa mga sanggol

**Pag Follow-up**

- Ang regular na follow up pagkatapos magpagamot ay importante para masigurado na ang Syphilis ay nagamot, at ito rin ang pagkakataon mabigyan ng impormasyon sa magandang sexual at reproductive health

**Pag alam**

- Ang mga positive na resulta ay nirereport sa local public health units para mamonitor ang kalugusan ng buong komunidad
- Tanging ang cliente, ang kanilang health care provider at ang public health nurse ay ang makakaalam lang ng sakit na ito
- Ang public health nurse ay maaring tumulong sa cliente para masabihan ang kanilang partner ngayon at mga dating naging partners para magpa test



## Suporta

### Tulungan ang mga cliente sa tamang pagbigay ng supporta ng sexual health services at iba pang supportang local

- Bisitahin ang mga links na ito para karagdagan na impormasyon na makakatulong sa mga cliente para sa kanilang sexual health services at iba pang supportang local:
  - Hanapin ang mga serbisyo, CATIE: https://whereto.catie.ca/
  - Mga malalapit na serbisyo at supporta, NWAC: https://stbbi.nwac.ca/services-and-supports-near-you/

[1]Para sa kaagdagang impormasyon, tignan ang STBBI Guides for Health Professionals: Syphilis guide: Screening and diagnostic testing on Canada.ca. Ang mga recommendation ay hindi pampalit sa kahit anong provincial/territorial legislative, regulatory, policy at practice requirements o mga professional guidelines sa kanilang mga respective jurisdictions, ang mga recommendation ay nagiiba dahil sa local na epidemiology o context.

©Ang Mahal na Hari sa pamahalaan ng Canada, ay kinakatawan ng Minister of Health, 2024 Pub: 230891 | Cat: H14-581/2024Tgl-PDF // H14-581/2024Tgl (Print) | ISBN: 978-0-660-70881-2 (PDF) / 978-0-660-70882-9 (Print)



Canada